Office of Public Outreach and Communications
555 Franklin Street, Room 305
San Francisco, CA 94102
Tel: 415.241.6565 • Fax: 415.241.6036
www.sfusd.edu

FAQ tungkol sa Plano para sa Pagpapatupad ng A-G

Ano ang mga pangangailangang A-G?
Ang mga pangangailangang A-G ay tumutukoy sa mahirap na sunod-sunod na mga kurso sa pitong mga larangan ng asignaturang kinakailangan upang maging karapat-dapat na matanggap sa Unibersidad ng California.

Paano naiiba ang A-G sa kasalukuyang kinakailangan para sa pagtatapos? Ang mga pagbabago ay bahagya lamang bagaman makabuluhan (tingnan ang tsart sa ibaba). Para sa karamihan ng mga estudyante kakailanganin ang ikalawang taon ng banyagang wika at ikatlong taon ng matematikang paghahanda para sa kolehiyo.

Ilang mga estudyante ng SFUSD ang kasalukuyang karapat-dapat sa UC/CSU (nakakatugon sa mga pangangailangang A-G at mayroon na ng kinakailangang GPA)? Ayon sa datos ng SFUSD, 31% ng mga nagtapos sa SFUSD noong 2008 ay boluntaryong nakatugon sa lahat ng mga pangangailangang kursong A-G at marami ang nakatugon sa karamihan sa mga ito. Nangangahulugan ito na 69% ng mga nagtapos sa nakaraang taon ay hindi karapat-dapat sa UC. Gayunpaman, kapag pinag-aaralan namin ang aming mga datos ayon sa asignatura, nakikita namin na 62% ng mga nagtapos na ito ay nakatugon sa hinihingi ng UC na tatlong-taon para sa matematika habang 38% ay hindi, at 65% ng mga nagtapos ay nakatugon sa hinihingi ng UC na dalawang-taon para sa banyagang wika, habang 35% ang hindi.

Ano ang kasalukuyang takdang panahon ng pagpapatupad para simulan ang mga pangangailangang A-G para sa lahat ng mga estudyante ng hayskul sa SFUSD? Noong Disyembre, 2008, inaprobahan ng Lupon ng Edukasyon ng San Francisco ang isang patakarang humihinging matugunan ng klase ng 2014 ang lahat ng mga hinihingi ng CSU para sa pagtatapos. Nangangahulugan ito na para sa mga papasok sa ika-9 na grado sa 2010 ang gawain kaugnay ng pag-aaral o course work ay nakalagak na para sa kanila upang makamit ang layuning ito. Ang SFUSD ay nasa panahon at kasalukuyang namamahagi ng mga rekomendasyon sa iba't ibang mga departamento sa distrito, at mga miyembro ng komunidad para sa karagdagang puna at pagtatatag ng kanyang plano para sa pagpapatupad.

Upang maging karapat-dapat ang isang estudyante sa Unibersidad ng California dapat nilang kunin ang hinihinging pagkakasunod-sunod ng kursong A-G at magkamit ng 'C' o mas mataas sa bawat klase. Kung hindi makamit ng isang estudyante ang hinihinging marka na "C" o mas mataas, makapagtatapos pa rin ba sila?
Oo, kung makatanggap ang mga estudyante ng markang 'D' makapagtatapos sila bagaman hindi karapat-dapat para matanggap sa sistema ng UC sa panahon ng pagtatapos.

Maaari bang piliin ng mga estudyanteng hindi sumali?
Hindi iminungkahi ng Pangkat ng Pag-aaral na "piliing di-sumali" ng sinumang estudyante ngunit sa halip ay iba't ibang mga plano o blueprint ng pagtatapos ang dinisensyo upang tulungan ang mga estudyanteng magtapos nang may

diploma. Ang mga plano o blueprint ng pagtatapos ay gagawin at didisenyuhin upang maabot ng mga estudyante ang mga pangangailangan sa pagtatapos sa halip na palampasin sila sa hindi pagkamit sa mga ito. Ang mga estudyante sa Espesyal na Edukasyon ay magpapatuloy sa pagkamit ng mga pangangailangang tinukoy sa kanilang Pang-Indibidwal na Plano sa Edukasyon.

Paano kami makatitiyak na kung ang lahat ng mga estudyante ay kinakailangang kumuha ng mga mataas na antas na kurso, hindi sila mababawasan ng kabuluhan?
Maaari naming tingnan ang ibang mga distrito na nakapagpatupad na ng repormang ito para sa katiyakan na ito ay makapagdaragdag ng higpit at hindi magreresulta sa nabawasan-ang-kabuluhang mga kurso. Ginagawa na ito ng San Jose Unified nang pitong taon at ipinapakita ng kanilang mga datos na mas maraming mga estudyante ang nakalista sa mga kursong AP at talagang pumapasa sa mga eksaminasyong AP na may mga iskor na 3 o mas mataas, na magandang palatandaang ang mga pamantayan sa pagtuturo ay hindi bumaba.

Anong plano ang mayroon para sa mga estudyanteng may napakababang mga kredito?
Ang SFUSD ay mayroong pangkat na nagtutulungan sa isang planong pambawi ng kredito at mga alternatibo para magkaroon ng kredito. Ito ay magbibigay-pahintulot sa mga estudyanteng makabawi sa mga kredito at mapag-aralan ang bagay na nalibanan. Ang isang opsyon ay ang gumamit ng mga on-line na kurso. Ang isa pa ay maaaring sa pamamagitan ng pakikisali sa mga internship, o sabay na pagpapalista sa mga kurso sa kolehiyo sa komunidad.

Nais ko ng karagdagang impormasyon sa mga antas ng pagtatapos kung saan ang mga ganitong patakaran ay naipatupad na. Halimbawa, tumaas ba o bumaba ang bilang ng mga estudyanteng tumigil sa pag-aaral sa San Jose Unified School District (SJUSD), na nagpatupad ng patakarang ito 7 taon na ang nakaraan?
Ang SJUSD ay mayroong mga demograpikong kapareho ng SFUSD at ang kanilang antas ng pagtatapos ay naging matatag sa nakaraang 7 taon mula nang mailagak ang pangangailangang A-G. Ang ibang mga panukat ng tagumpay, gaya ng bilang at porsiyento ng mga senyor na kumukuha at pumapasa sa di-kukulangin sa isang kursong AP, ay biglang tumaas sa 70% ng klase ng senyor.

Kinikilala ba ng UC ang pasalaysay na ebalwasyon o kailangan bang makatanggap ang mga estudyante ng mga letrang marka para sa kanilang gawain kaugnay ng pag-aaral o coursework?
Dahil ang pagiging karapat-dapat sa UC at pagkakatanggap ay bahagyang batay sa grade point average (GPA), dapat makatanggap ang mga estudyante ng mga letrang marka para sa lahat ng mga naaprobahang kursong A-G. Ang mga campus ng UC ay hindi humihingi, at hindi rin nila nirerepaso, ang mga pasalaysay na ebalwasyon para sa mga estudyante.

Paano tinatrato ng UC ang di-tradisyonal na kurikulum, gaya ng gawain kaugnay ng pag-aaral na binubuo ng maraming sangay ng pag-aaral, pinagsama-sama at/o batay-sa-proyekto? Ang mga guro sa UC ay nagtatag ng malinaw na mga patakarang nagpapakita sa mga gawain kaugnay ng pag-aaral na inaasahang makumpleto ng mga estudyante upang makapaghandang magtagumpay sa Unibersidad ng California. Ang mga pangangailangan para sa kurso ay nahahati ayon sa larangan ng asignatura (mga pangangailangang A-G). Libre ang mga paaralang mag-alok ng kurikulum sa anumang anyong sa tingin nila ay naaangkop, ngunit sa huling banda ang mga estudyante ay inaasahang makapagpapakita ng pagkumpleto sa mga pangangailangan sa larangan ng asignatura sa A-G upang maging karapat-dapat na matanggap. Tagumpay na naiprisinta ng ilang mga charter na paaralan ang kanilang di-tradisyonal na kurikulum sa UC para sa pag-aproba ng kursong A-G.

MGA PANGANGAILANGAN PARA SA PAGTATAPOS NG HAYSKUL at Pinakamababang Mga Pangangailangang "A-G" para Matanggap sa Kolehiyo

Larangan ng Asignatura sa Hayskul	**Kasalukuyang Mga Hinihingi ng SFUSD para sa Pagtatapos**	**Mga Pangangailangang A-G sa Unibersidad ng California**	**Iminungkahing Mga Pangangailangang Kurso sa SFUSD simula sa klaseng magtatapos sa 2014 (mga papasok sa ika-9 na grado sa 2010)**
Ingles *Pangangailangang "B"*	4 na taon – 40 kredito Ingles 9, Ingles 10 Literaturang Amerikano, Literaturang Europeo	4 na taong Ingles na paghahanda para sa kolehiyo	4 na taon – 40 kredito Ingles 9, Ingles 10 Literaturang Amerikano, Literaturang Europeo
Matematika *Pangangailangang "C"*	2 taon -20 kredito Algebra at Geometry, o isang ikatlong taong kursong paghahanda para sa kolehiyo kung ang Algebra ay nakuha sa ika-8 grado	3 taon, kabilang ang Algebra, Geometry, at intermedyaryong Algebra. 4 na taon inirerekomenda	3 taon – 30 kredito, ng matematikang paghahanda para sa kolehiyo, kabilang ang Algebra, Geometry, at intermedyaryong Algebra o sunod-sunod na inaprobahang kursong a-g sa IMP
Agham *Pangangailangang "D"*	2 taon – 20 kredito (mga agham panlaboratoryo) Biology; Chemistry o Physics	kinakailangan ang 2 taon na may laboratoryo; 3 inirerekomenda	2 taon – 20 kredito (mga agham panlaboratoryo) Biology; Chemistry o Physics
Agham Panlipunan *Pangangailangang "A" hinihingi ng Departamento ng Edukasyon (CDE) ng Estado ng CA*	3 taon - 30 kredito Modernong Kasaysayan ng Mundo, Kasaysayan ng Estados Unidos Demokrasya at Ekonomika sa Amerika	2 taon: Kasaysayan ng U.S., Kasaysayan ng Mundo, Mga Prinsipyo ng Demokrasya sa Amerika	3 taon - 30 kredito Modernong Kasaysayan ng Mundo, Kasaysayan ng Estados Unidos Demokrasya at Ekonomika sa Amerika
Wika Maliban sa Ingles *Pangangailangang "E"*	1 taon ng parehong wika maliban sa Ingles – 10 kredito	kinakailangan ang 2 taon ng parehong Wika Maliban sa Ingles, 3 taon inirerekomenda	2 taon – 20 kredito ng parehong Wika Maliban sa Ingles
Sining na Biswal at Pagtatanghal *Pangangailangang "F"*	1 taon -10 kredito Sayaw, Drama/Teatro, Sining na Biswal, Musika	1 taon sa Sining na Biswal at Pagtatanghal (Sayaw, Drama/Teatro, Musika o Sining na Biswal)	1 taon – 10 kredito- sa Sining na Biswal at Pagtatanghal (Sayaw, Drama/Teatro, Musika o Sining na Biswal)
Edukasyong Pisikal *hinihingi ng Departamento ng Edukasyon (CDE) ng Estado ng CA*	Di-bababa sa 2 taon – 20 kredito hinihingi ng batas ng CA Ang mga estudyanteng hindi makapapasa sa CDE Fitness Test ay dapat muling kumuha ng pagsusulit taon-taon	Wala	Di-bababa sa 2 taon – 20 kredito hinihingi ng batas ng CA. Ang mga estudyanteng hindi makapapasa sa CDE Fitness Test ay dapat muling kumuha ng pagsusulit taon-taon hanggang maipasa nila ito at maaaring hinging kumuha ng hanggang 4 na taong Edukasyong Pisikal Ang mga estudyanteng papasa sa pagsusulit sa ika-9 na grado ay maaaring makapamiling kunin ang di-bababa sa 2 taon Ang hindi pagkakapasa sa physical fitness test ay hindi batayan para hindi ibigay ang diploma.

	hanggang maipasa nila ito at maaaring hinging kumuha ng hanggang 4 na taong Edukasyong Pisikal. Ang mga estudyanteng papasa sa pagsusulit sa ika-9 na grado ay maaaring makapamiling kunin ang di-bababa sa 2 taon. Ang hindi pagkakapasa sa physical fitness test ay hindi batayan para hindi ibigay ang diploma.		
Edukasyong Pangkalusugan	5 kredito	Wala	5 kredito
Kurso sa Kolehiyo at Karera	2.5 kredito	Wala	2.5 kredito
Mga Di-sapilitang Kurso Pangangailangang "G"	KINAKAILANGAN: 1 karagdagang taon ng Matematika o Agham na paghahanda para sa kolehiyo – 10 kredito 62.5 kredito ng ibang mga di-sapilitang kurso	Pangangailangang "G" – 1 taon o higit pang mas mataas na mga kurso sa Matematika, Sining, Ingles, Agham panlaboratoryo, Banyagang Wika o Agham Panlipunan	52.5 kredito para sa mga di-sapilitang kurso kabilang at di-bababa sa 1 taon – 10 kredito ng mas mataas na mga kurso sa Matematika, Sining, Ingles, Agham panlaboratoryo, Wika Maliban sa Ingles o Agham Panlipunan
Kabuuang Kredito/Mga Yunit para sa pagtatapos	230 kabuuang kredito	15 yunit na may 'C' o mas mataas upang matugunan ang mga pangangailangan para sa pagpasok sa kolehiyo	230 kabuuang kredito
Mga Assessment	California High School Exit Exam; kinakailangan para sa pagtatapos. (Pakitingnan ang SFUSD Handbook para sa karagdagang impormasyon) Dapat pumasa sa Pagsusulit sa Kahusayan sa Paglangoy ng SFUSD	SAT Reasoning Test o ACT Pagsusulit sa 2 asignatura sa SAT Asignatura A –Paglalagak sa Ingles	California High School Exit Exam; kinakailangan para sa pagtatapos. (Pakitingnan ang SFUSD Handbook para sa karagdagang impormasyon) Dapat pumasa sa Pagsusulit sa Kahusayan sa Paglangoy ng SFUSD